Tunay na kabilang sa pinakakaibig-ibig sa inyo sa akin at pinakamalapit sa inyo sa akin sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan

Ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Tunay na kabilang sa pinakakaibig-ibig sa inyo sa akin at pinakamalapit sa inyo sa akin sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan. Tunay na ang pinakakamuhi-muhi sa inyo sa akin at ang pinakamalayo sa inyo sa akin sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga madaldal, ang mga masatsat, at ang mga tagapangalandakan." Nagsabi sila: "Nalaman na namin ang mga madaldal at ang mga tagasatsat, ngunit ano naman po ang mga tagapangalandakan?" Nagsabi Siya: "Ang mga nagpapakamalaki."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kabilang sa pinakakaibig-ibig sa inyo sa kanya sa Mundo at pinakamalapit sa inyo sa kanya sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan at na ang pinakakamuhi-muhi sa inyo sa kanya at ang pinakamalayo sa inyo sa kanya sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga masagwa sa inyo sa mga kaasalan: ang mga madaldal: ang mga tagapagparami ng pananalita bilang pagpapakahirap at bilang paglabas buhat sa katotohanan, ang mga masatsat: ang mga nagpapakalawak sa pagsasalita bilang pagtatatas-tatasan at bilang pagdakila sa pagsasalita nila nang walang pasubali at pag-iingat, at ang mga tagapangalandakan. Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, nalaman na namin ang mga madaldal at ang mga tagasatsat, ngunit ano naman po ang mga tagapangalandakan?" Nagsabi Siya: "Ang mga nagpapakamalaki na nangungutya sa mga tao, na nagpapakalawak sa pagsasalita at nagbubukas dahil dito ng mga bibig nila."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5802